

Advisory No. 80, s. 2017

April 19, 2017

In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph.)

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA PAGTUTURO NG WIKA AT PANITIKAN 2017

Ang Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino (PSLLF) ay magdaraos ng *Pambansang Seminar-Worksyap sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan 2017* na may temang *Suri, Saliksik, Sanay 2: Pedagoghiya, Teknolohiya, at Dalumat ng/sa Filipino sa Siglo 21* mula Oktubre 26 hanggang 28, 2017 sa *Citystate Tower Hotel*, Ermita, Maynila (malapit sa Robinsons, Maynila).

Ang layunin ng seminar-worksyap ay:

1. mabigyan ng malawak na perspektiba ang mga guro at mananaliksik hinggil sa teorya at praktika ng pedagoghiya, teknolohiya, at dalumat kaugnay ng wika at panitikang Filipino sa konteksto ng *K to 12 Program* at iba pang kaugnay na pagbabago sa kurikulum;
2. mapataas ang antas ng kasanayan at kahandaan ng mga guro sa pagpapatupad ng kurikulum sa Filipino sa antas elementarya, *junior at senior high school*, at kolehiyo;
3. mapataas ang antas ng kasanayan at kahandaan ng mga guro sa paggamit ng wikang Filipino bilang wikang panturo sa bagong *General Education Curriculum (GEC)* sa antas tersiyarya; at
4. mapalawak ang kaalaman at kasanayan ng mga guro sa pananaliksik at mga estratehiya ng pagtuturo ng wika at panitikang Filipino.

Ang mga panrehiyon at pansangay na superbisor sa Filipino, mga tagapangulo o tagapag-ugnay ng asignaturang Filipino, at mga guro sa bawat paaralan mula elementarya hanggang kolehiyo ay inaanyayahang lumahok sa gawaing ito.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pamprivadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith*.

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan kay:

Dr. David Michael M. San Juan
Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino (PSLLF)
De La Salle University, Taft Avenue, Maynila
Mobile Phone: 0927-242-1630
Email: dmmsanjuan@gmail.com